



I tinuturing na ikalawang “pag-papakita” o “epipanya,” na ang ibig sabih’y pagpapakilala ni Hesus tungkol sa kanyang pagkatao at sa kanyang misyon, ang pagbibinyag kay Hesus ni Juan Bautista sa Ilog Jordan. Ipinahayag ng mga pagbasa ngayong Linggo na si Hesus ang Anak at ang Lingkod na pinili, minamahal, at kinalulugdan ng Ama.

Sa Unang Pagbasa (Is 42:1-4,6-7), ipinahayag na pinili at isinugo upang pairalin ang katarungan sa daigdig, maisagawa ang pakikipagtipan sa lahat ng tao, magdala ng liwanag sa lahat ng bansa, at magpalaya sa mga bilango ng kadiliman, ang Lingkod ng Panginoon. Pinuspos siya ng Espiritu ng Panginoon upang sa kabila ng pag-ako sa bigat ng pagkakasala ng sangkatauhan, hindi siya mawalan ng pag-asa at masisiraan ng loob.

Sa Ebanghelyo (Mk 1:7-11), pumanaog ang Espiritu Santo gaya ng pagbaba ng isang kalapati, at narinig ang tinig ng Ama na ibinubunyag na si Hesus ang kanyang kinalulugdan at minamahal na Anak. Hudyat ang pagbibinyag ng pasimula ng ministeryo ni Hesus at ng kanyang pagpapasailalim sa batas ng mga Hudyo. Sa tagpong ito nagpakilala rin ang Banal na Santatlo: ang Ama sa langit, ang Anak (si Hesus), at ang Espiritu Santo na pumapanaog kay Hesus.

Sa Ikalawang Pagbasa (Gawa 10:34-38), si Hesus

PINILI, MINAHAL, AT KINALUGDAN



Sem. Aldrin R. Logdat

ang hinirang at pinagkalooban ng kapangyarihan ng Diyos kaya nakagagawa siya ng pambihirang kabutihan at nakapagpapagaling ng lahat ng pinapahirapan ng demonyo. Katulad ng katotohanang ibinunyag ng Diyos kay Hesus bilang kanyang pinili, minamahal, at kinalulugdan, ang katotohanan tungkol sa pagkakakilanlan at misyon ng Simbahan:

PINILI. Bilang mga binyagan, tayo ang hinirang ng Diyos upang magpatuloy ng gawaing pagliligtas ni Hesus. Nakikisangkot tayo sa ministeryo niya bilang pari, propeta, at hari. Sa kanyang pagiging hari, tayo

ay inaasahang maglingkod sa Diyos at sa kapwa. Sa kanyang pagiging propeta, tayo ay nakikisalo sa pagpapahayag ng Mabuting Balita at sa kalooban ng Ama. Sa kanyang pagiging pari, iniaalay natin ang ating sarili, oras, talento, at kayamanan para sa kapurihan ng Diyos at sa ikatataguyod ng kanyang kaharian.

MINAMAHAL. Ang sakramento ng Binyag na natanggap natin ay bunga ng katotohanang minamahal tayo ng Diyos. Matapos hangin sa pagkakasadlak sa kasalanan, ginawa niya tayong kanyang mga anak, mga kapatid ni Kristo, at mga templo ng Espiritu Santo.

KINALULUGDAN. Sa kabila ng pagiging higit ni Hesus kay Juan at ng katotohanang para sa pagsisisi sa kasalanan ang pagbibinyag na isinasagawa ng huli, nagpasailalim si Hesus dito upang ipakita ang kanyang ganap na pagyakap sa kalagayan ng tao. Nakisalo siya sa sitwasyon ng tao nang walang bahid ng pagkakasala. Sa Binyag ginagawa tayong bagong nilalang at pinagkalooban ng grasyang mapagtagumpayan ang alok ng kasalanan. Kinalulugdan niya tayo bagaman mahina, nagkakasala, at nagkukulang tayo sa ating araw-araw na buhay.

Mapahalagahan nawa natin ang ating pagkakakilanlan bilang pinili, minamahal, at kinalulugdan. Maging Hesus nawa tayo sa kasalukuyang panahon.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Mt 3:16–17)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Nang si Hesus ay binyagan nabuksan ang kalangitan at ang Espiritung Banal ay lumapag sa ulunan kalapati'y anyong taglay. Nagsalita ang Diyos Ama, "Narito ang sinisinta, ginigiliw ko tuwina. Ikinalulugod siya ng puso ko't kaluluwa."

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P – Ipinagdiriwang natin ngayon ang Kapistahan ng Pagbibinyag ng ating Panginoong Hesus. Bilang mga binyagang Katoliko, tinatawag tayong mamuhay sa landas ng kabanalan. Ang pagiging banal at pamumuhay nang naayon sa kalooban ng Diyos ang siyang magiging daan natin patungo sa kanya. Tulad ni Hesus, magiging tunay na kalugod-lugod rin tayo sa Ama.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat tayong gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B – Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, nagpakita bilang taong katulad namin ang iyong Anak. Sa pamamagitan niyang naging aming kawangis, kami nawa'y maging kanyang kaparis kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Is 42:1–4, 6–7 o Is 55:1–11) (Umupo)

Inilalarawan ni Isaias ang bokasyon, misyon, at paghihirap ng Lingkod ng Diyos na isusugo niya upang iligtas ang kanyang sambayanan.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

SINABI ng Panginoon, "Ito ang lingkod ko na aking itataas, na aking pinili at kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at sa mga bansa ay siya ang magpapairal ng katarungan. Mahinahon at banayad kung siya'y magsalita, ni hindi magtataas ng kanyang tinig.

Ang marupok na tambo'y hindi babaliin, ilaw na aandap-andap di n'ya papatayin, at ang

katarungan ang paiiralin. Di siya mawawalan ng pag-asa ni masisiraan ng loob, paghahariin niya ang katarungan sa daigdig. Ang mga bansa sa malayo ay buong pananabik na maghihintay sa kanyang mga turo.

"Akong Panginoon, tuma-wag sa iyo, binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig. Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng pakikipagtipan sa lahat ng tao at magdadala ng liwanag sa lahat ng bansa. Ikaw ang magpapadilat sa mga bulag at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman."

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 28 o Is 12)

T – Basbas ng kapayapaan sa bayan ng Poong mahal.

Amante



1. Purihin ang Panginoon ninyong banal na nilalang,/ pagka't siya ay dakila't marangal ang kanyang ngalan;/ ang Poon ay dakilain, purihin ang Diyos na Banal,/ yumuko ang bawat isa kapag siya ay dumatal. **(T)**

2. Sa gitna ng karagatan tinig niya'y naririnig./ Sa laot ng karagata'y hindi ito nalilingid./ Pag nangusap na ang Poon,/ tinig niya'y ubod-lakas,/ ngunit tinig-kamahalan, kapag siya'y nangungusap. **(T)**

3. Ang tinig ng dakilang Diyos, parang kulog na malakas,/ kaya't mga nasa templo'y sumisigaw, nagagalak,/ "Panginoon'y papurihan!" ganito ang binibigkas/ siya rin ang naghahari sa dagat na kalaliman,/ namumuno siya roon bilang hari, walang hanggan. **(T)**

Ikalawang Pagbasa

(Gawa 10:34–38 o 1 Jn 5:1–9)

Ipinaliliwanag ni Pedro sa pagangong si Cornelio at sa sambayanan nito na inihatid ng Diyos ang

kaligtasan sa mga Judio at pagano sa pamamagitan ni Hesuskristo.

Pagbasa mula sa aklat ng Mga Gawa ng mga Apostol

NOONG mga araw na iyon, nagsalita si Pedro, “Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa. Ibini-gay ng Diyos ang kayang salita sa mga Israelita. Sa kanila niya ipinahayag ang Mabuting Balita tungkol sa pakikipagkasundo sa pamamagitan ni Hesuskristo. Nguni’t siya’y Panginoon ng lahat! Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.”

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mt 9:6) (*Tumayo*)

B – Aleluya! Aleluya! Nagsalita ang D’yos Ama: “Ang Anak kong sinisinta ay narito, dinggin n’yo s’ya!” Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 1:7–11)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: sinasabi ni Juan Bautista sa kanyang pangangaral: “Darating na kasunod ko ng isang makapangyarihan kaysa akin: ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang mga panyapak. Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit bibinyagan niya kayo ng Espiritu Santo.” Hindi nagluwat, dumating si Hesus mula sa Nazaret, Galilea at siya’y bininyagan ni Juan sa Ilog Jordan. Pagkaahung-pagkaahon ni Hesus sa tubig ay nakita niyang nabuksan ang kalangitan, at bumaba sa kanya ang Espiritu na gaya ng isang tinig ang isang kalapati. At isang tinig ang nagmula sa langit: “Ikaw ang minamahal kong Anak, lubos kitang kinalulugdan.”

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinag-pakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Sa pamamagitan ng tubig ng búhay, binigyan tayong muli ng pag-asang mamuhay bilang mga anak ng Diyos. Buong puso tayong lumapit sa Ama nating hindi nagkukulang na punan ang ating mga pangangailangan:

T – Panginoon ng búhay, dinggin mo kami.

L – Patuloy nawang maging instrumento ng pagkakaisa at pag-iibigan ang mga pinuno ng aming Simbahan sa pamamagitan ng kanilang banal na pamumuhay. Manalangin tayong: **(T)**

L – Matutunan nawa ang mga may katungkulan sa lipunan ang mga halimbawa ni Kristo na sumunod sa kalooban ng Diyos nang may pagpapakumbaba at paglilingkod nang tapat. Manalangin tayong: **(T)**

L – Mamuhay nawa kami ayon sa

aming binyag at ipagpatuloy ang paggawa ng kabutihan sa aming kapwa. Manalangin tayong: **(T)**

L – Makapiling nawa ng mga kapatid naming yumao ang Diyos sa búhay na walang hanggan. Manalangin tayong: **(T)**

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayong: **(T)**

P – Dakilang Ama, ipagkaloob mong kami’y manatiling tapat kay Hesus na siyang Panginoon namin sa pamamagitan ng aming pagbibinyag sa tubig at Espiritu. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ngayong ipinagdiriwang ang pagpapahayag ng iyong kinalulugdang Anak tanggapin mo ang aming mga alay upang ito ay maging paghahain ng kanyang mahabaging paghuhugas sa kasalanan namin sapagka’t siya’y kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

Prepasyo

(Pagbibinyag sa Panginoon)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamat.

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo

na aming Panginoon.

Ang mga dakilang pahiwatig ng bagong pagsilang ay minarapat mong mahayag sa Ilog-Jordan. Dahil sa iyong tinging buhat sa kalangitan, ang pakikipisan ng iyong Salita sa sangkatauhan ay amin ngayong sinasampalatayanan. Dahil sa Espiritung sa kanya'y lumukob na waring kalapating tagapagtaguyod, tinanghal siyang Mesiyas nami't iyong Lingkod para ihatid ang iyong Balitang mga aba'y itatampok.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! *(Lumuhod)*

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B – Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas, at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang *(Lumuhod)*

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon *(Jn 1:32, 34)*

Dito ay matatagpuan ang patotoo ni Juan kanyang pinatotohanan ang Anak ng Amang mahal na Panginoong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang *(Tumayo)*

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette

Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay maging mga anak mo nawa sa turing at sa katotohanan sa matapat naming pakikinig sa iyong Anak na aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan.

B – Amen.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahal in at paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.



SOCIETY OF ST PAUL

LIVE JESUS, GIVE JESUS!

If you are Grade 12 student, a college student, or a young professional— male, single, and aspiring to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication— we invite you to journey or search with us.

Contact us:

THE VOCATION DIRECTOR

7708 St. Paul Road
San Antonio Village
1203 Makati City

(02) 8895-9701 loc 109;
09158420546; 09288766182;
vocation@ssp.ph

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. *(Tumahimik)*

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang karunungan nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.

B – Amen.

P - Gawaran nawa ng katatagan ng Diyos ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P – Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang